

Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN I



MODYUL 3 **ANG IBA'T-IBANG MUKHA NG ATING LAHI**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City



MODYUL 3

IBA'T IBANG MUKHA NG ATING LAHI



Isang pagbati! Ikaw ay nasa ikatlong modyul na! Pagkatapos mong pag-aralan and anyong pisikal ng ating bansa sa Modyul 2, tutuklasin naman natin ngayon ang yamang tao at ang pinagmulan ng ating lahi. Makikilala mo ang sinaunang Pilipino at ang kabihasnang kanilang binuo para sa mga sumunod na henerasyon. Mababakas mo rin kung paano sila nagsikap na mabuhay upang mapangalagaan ang ating lahi.

Kapag nalaman mo ang ating pinagmulan, tiyak na ipagmamalaki mo ang ating lahi! Kaya't simulan na natin ang ating pag-aaral.



May tatlong aralin sa modyul na ito:



Aralin 1: Pinagmulan ng Lahing Pilipino



Aralin 2: Ang Sinaunang Pilipino sa Panahon ng Metal



Aralin 3: Pag-unlad ng mga Pamayanang Pilipino sa Panahong Metal



Pagkatapos ng mga araling iyan, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang iba't ibang teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino;
2. Mailalarawan ang kultura ng sinaunang Pilipino; at
3. Maipagmamalaki ang marangal na pinagmulan ng lahing Pilipino.

Handa na ba para sa panimulng pagsusulit? Tandaan mo na kaya mo riyan gaya ng mga naunang pagsusulit. Kayat simulan mo na.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

Panuto: Piliin ang tamang sagot. Isulat sa patlang ang titik lamang.

- _____ 1. Ang kauna-unahang tao na nakarating sa Pilipinas ay ang mga:
 - A. Indones
 - B. Malay
 - C. Austronesyano
 - D. Ita

- _____ 2. Ang pinagmulan ng lahing Pilipino ay
 - A. iisa lamang
 - B. dalawa lamang
 - C. tatlo lamang
 - D. marami

- _____ 3. Ang paggawa ng kagamitang metal ay laganap noong panahon ng
 - A. paso
 - B. paghahabi
 - C. bagong bato
 - D. lumang bato

- _____ 4. Ang mga Pilipino sa panahon ng metal ay
 - A. nagtatanim na
 - B. naghahabi na
 - C. nangangaso
 - D. pumipitas ng prutas at gulay

- _____ 5. Ang paglaganap ng tao sa Pilipinas ay
 - A. nagpayabong ng kulturang Pilipino
 - B. nag-udyok sa permanenteng paninirahan
 - C. nagpalaganap ng paggamit ng metal
 - D. nagpasimula ng paghahabi ng mga damit n gating mga ninuno

- _____ 6. Ang ebidensya ng pagkakaroon ng lider ay ang
 - A. pagkakaroon ng buhay-pulitika
 - B. di pagkakapantay-pantay ng mga dekorasyon sa libingan
 - C. di pagkakapantay-pantay ng mga alahas
 - D. di pagkakapantay-pantay ng mga libingang banga

- _____ 7. Ang mga bato ay mahalaga sa panahon ng
 - A. pagtatanim
 - B. pangangaso
 - C. paghahabi
 - E. paggawa ng paso

- _____ 8. Ang ugat ng ating wika ay
A. Austronesia
B. Indones
C. Malay
D. Malayo-Polynesia
- _____ 9. Ang sentro ng kalakalan ng sinaunang lahi ay karaniwang sa
A. kapatagan
B. isla
C. kabundukan
D. karagatan
- _____ 10. Alin ang hindi kasama sa grupo?
A. bato
B. tanso
C. bronse
D. ginto
- _____ 11. Ang mga sinaunang Pilipino ay
A. salat sa kultura
B. may payak na kultura
C. may simpleng kultura
D. may mayabong na kultura
- _____ 12. Ang panahon ng metal ay panahon din ng mga sumusunod, maliban sa:
A. kwintas
B. relo
C. hikaw
D. pulseras
- _____ 13. Pangangaso ang ikinabubuhay ng mga tao noong panahon ng
A. lumang bato
B. bagong bato
C. metal
D. pag-usbong ng mga lungsod
- _____ 14. Ang buhay-pulitika ay nagsimula noong panahon ng
A. lumang bato
B. bagong bato
C. metal
D. pag-usbong ng mga lungsod
- _____ 15. Ang paggawa ng paso ay nagsimula pa noong panahon ng:
A. lumang bato
B. bagong bato
C. metal
D. pag-usbong ng mga lungsod

ARALIN 1 PINAGMULAN NG LAHING PILIPINO



Malalaman mo sa araling ito ang iba't ibang teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino. Ang mga teoryang ito ay nahahati sa dalawa: ang Teorya ng pandarayuhan at ang Teorya ng Paggalaw ng Tao sa Mundo. Bagamat parehong may ebidensyang ipinakikita ang dalawang teorya, pareho din namang may hindi matatag na ebidensya ang mga ito.

Sa araling ito, susuriin nating mabuti ang mga teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino. Pag-aaralan din natin kung alin sa mga ito ang mas makatotohanan.



Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagpapaliwanag ng mga teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino;
2. Makasusuri ng mga ebidensya na nagpapatunay sa bawat teorya;
3. Makapagbibigay ng posisyon kung alin ang teoryang makatotohanan; at
4. Makapagmamalaki na ang Pilipino ay may pinagmulang lahi.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Panuto:

1. Kumuha ng isang puting papel at mga krayola.
2. Tiklupin ang puting papel sa apat na tiklop. Parang pamaypay ang kalalabasan.
3. Gumuhit ng mukha sa itaas na bahagi ng itiniklop na papel.
4. Itago ang nakaguhit na mukha. Pagkatapos, ipaguhit sa isang kalaro o isang kasambahay ang leeg at katawan hanggang baywang ng tao sa susunod na tiklop.
5. Itago muli ang mukha at katawan. Maghanap muli ng isang kasambahay na guguhit ng mula baywang hanggang tuhod na imahe ng tao sa ikatlong tiklop.
6. Muling itago ang ikatlong guhit. Pagkatapos, ipaguhit ang binti at paa sa isa pang kasambahay.
7. Buksan ang imahe ng taong naiguhit.

Suriin natin ang iyong ginawa:

1. Ano ang anyo ng nakaguhit? Iba't iba, hindi ba?
2. Ano ang kaugnayan nito sa lahing Pilipino? May iisa ba tayong pinagmulan?
3. maisusulat mo ba ang iba't ibang paglalarawan sa pisikal na anyo ng mga Pilipino? Subukan mo.

Ang Lahing Pilipino

Bakit iba't iba ang hitsura ng mga Pilipino? Bago mo pag-aralan ang mga teorya ng pinagmulan ng Pilipino, mahalaga munang liwanagin kung bakit Pilipino ang itinawag sa ating lahi.

Bago pa man dumating ang mga Kastila, may mga tao nang nakatira at may sariling kabihasan sa mga pulo ng ating bansa. Iba't ibang ang tawag sa mga tao noon. Depende ito kung saan sila nakatira. Nang dumating si Ferdinand Magellan sa bansa, tinawag niyang **Archipelago de San Lazarus** ang bansa bilang pagbibigay-pugay kay Santo Lazarus. **Felipinas** naman ang itinaguri ni Ruy Lopez de Villalobos sa ating bansa nang siya ay dumating noong 1542-1543 bilang parangal kay Felipe na anak ni Haring Carlos ng Espanya. **Pintados** ang itinawag sa mga taga-Bisaya at **indio** ang sinumang makita nilang katutubo ng kapuluan. Ang tawag na **Filipino** noon ay para lamang sa mga anak ng mga Kastila na nakatira sa Pilipinas.

Isa sa pinakaunang tumawag ng Filipino sa mga mamamayan ng Filipinas ay si Dr. Jose Rizal. Ipinahayag niya ito sa kanyang tulang **A La Juventud Filipina** (Sa Mga Kabataang Pilipino). Nang dumating ang mga Amerikano, **Philippines** ang itinawag sa Filipinas, at Filipino ang itinawag sa mga naninirahan dito. Mula noon, **Filipino** na ang itinawag sa ating lahi, o Pilipino, wikang pambansa.

Maraming pinuno ng bansa ang nagnais na palitan ang tawag na ito sa atin. Mga dayuhan naman daw ang nagpangalanng ng **Filipino** sa atin. Nais ng ilan ang **Maharlika**, ngunit ito daw ay Sanskrito at galing sa India. Ang iba naman ay gusto ng **Maynilad**, ngunit marami din ang sumalungat. Ito daw ay para sa mga Tagalog lamang. Dahil dito, nananatiling **Pilipino** ang tawag sa atin.

Mapapansin mo marahil na iba't iba ang anyo nating mga Pilipino. Ang mga teorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino ang makapagbibigay paliwanag kung bakit.

May tatlong kilalang teorya kung saan nagmula ang lahing Pilipino. Ang mga ito ay ang **Teorya ng Pandarayuhan**, ang **Teorya ng Paglipat-lipat ng Panirahan ng Asyano** at ang **Teorya ng Ebolusyon**.

A. Ang Teorya ng Pandarayuhan

Ang Teorya ng pandarayuhan ay tinatawag ding Teorya ng Migrasyon. Ang teoryang ito ay nagsimula sa pagkakategorya ng pinagmulan ng lahing Pilipino ni J. Montano noong 1884-1885. Sinabi ni Montano na ang mga nakatira sa Pilipinas ay binubuo ng mga sumusunod:

- 1) **Mga Negrito.** Sila ay maliliit at may maitim at kulot na buhok. Nabibilang dito and mga Negrito ng Bataan, Ayta ng Luzon at Mamanwa ng Mindanao;
- 2) **Mga Malay.** Sila ay mga kayumanggi na kinabibilangan ng mga tao sa Bikol, Bisaya at Timog Luzon. Hinunuha ni Montano na sila ay may dugong Intsik, Arabo at Indonesian.
- 3) **Mga Indones.** Halos hawig ng mga Malay sa kulay ang mga grupong ito ay kinabibilangan ng Samal, Bagobo, Guianga, Ata, Tagakaolo, Tagbanua, Manobo, Mandaya, at Blaan.

Sinasabi rin ni Montano na ang mga Indones at Malay ay napadpad sa Pilipinas sa pamamagitan ng dalawang grupo ng migrasyon. Nauna ang Indones at sumunod ang mga Malay.

Pinalawig ni Prof. O. H. Beyer ang teoryang ito nang sinabi niyang may pitong grupo ng tao ang napadpad sa Pilipinas dahil sa migrasyon. Ito ay ang mga sumusunod:

1. **Mga Primitibong Tao.** Kapareho sila ng mga taong Java na namuhay mga 250,000 taon na ang nakaraan. Pinaniniwalaang sila ay nakarating sa Pilipinas sa pamamagitan ng tulay na lupa na nagdudugtong sa Pilipinas at Asya.
2. **Ang mga Australoid-Sakai.** Sila ang mga unang grupo ng pigmi na kamukha ng mga Negrito at tinaguriang **proto-Malay** (parang Malay). Dumating sila sa Pilipinas may 25,000 hanggang 30,000 taon na ang nakalilipas.
3. **Indones A.** Sila ay mga mandaragat na gumamit ng mga kagamitang bato at nakarating sa Pilipinas may 5,000 hanggang 6,000 taon na ang nakararaan.
4. **Indones B.** Mga mandaragat sila na nakarating sa Pilipinas mula Indotsina mga 1,500 taon bago ipinanganak si Kristo.
5. **Ang mga Taong Gumagawa ng Hagdang-Hagdang Palayan**
Galing sila sa Gitnang Asya at dumating sa Pilipinas mga 800-500 BK.
6. **Mga Malay**
Nakarating sila sa Pilipinas sa pamamagitan ng makalumang bangka. Nagdaan sila sa Borneo, Palawan at Mindoro mga 300-200 bago ipinanganak si Kristo.

7. Ang mga modernong Asyano. Nakarating sila sa Pilipinas sa panahon ng Kristiyanismo.

Ang Teorya ng Migrasyon ay may malaking impluwensya sa atin. Subalit may mga katanungang hindi masagot ng teoryang ito. Ilan dito ay ang mga sumusunod:

1. Paano maipaliliwanag ng teoryang ito ang pag-unlad at pagkakaiba-iba ng kultura ng mga tao sa bansa? Ang adaptasyon ng kultura ng mga tao sa lugar na may mga panirahan ay hindi maipaliwanag ng teoryang ito.
2. Ano ang ebidensya na ang pisikal na kaanyuan ng mga mandarayuhan ay katulad ng sa pag-unlad ng kanilang kultura?
3. Bakit ang pandarayuhan ng mga tao ay may eksaktong pagkakasunud-sunod na panahon? Bakit grupu-grupo ang pagdating nila? Nasaan ang ebidensya ng mga grupu-grupong pandarayuhan?
4. Bakit ang grupu-grupong pandarayuhan ay biglang dumami sa maikling panahon lamang?
5. Nasaan ang ebidensya ng ruta ng mga grupo ng migrasyon?

Sapagkat hindi matugunan ang mga tanong na ito, maraming mga iskolar ang nagsaliksik pa tungkol sa pagsisimula ng tao sa Pilipinas.

B. Ang Teorya ng Paglipat-lipat ng mga Asyano

Naniniwala si Peter Bellwood (1985) sa paglipat-lipat ng panirahan ngunit hindi maramihan tulad ng Teorya ng Migrasyon ni Beyer. Ayon kay Bellwood hindi grupu-grupo ang dumating dito sa Pilipinas kundi mangilan-ngilan lamang. Ang mga taong ito ay hindi rin tinaguriang Malayo-Polynesia at hindi nanggaling sa bahaging Indonesia sapagkat napatunayang mas matanda ang kanilang wika kaysa sa mga Malayo-Polynesian. Ang grupong ito ay ang mga **Austronesyano**.

Ang mga **Austronesyano** ay sinasabing nagmula sa Timog Tsina. Sa pamamagitan ng pagdaan sa Taiwan, sila ay nakarating sa Batanes mga 5,000-4,000 bago ipinanganak si Kristo. Sila ay may wikang Austronesyan at gumagamit ng mga kagamitang bato.

Ang teoryang ito ay hindi sumasang-ayon sa teorya ni Beyer subalit ipinakikita dito na ang unang Pilipino ay produkto pa rin ng migrasyon. Gayunpaman hindi rin nito maipaliwanag kung paano kumalat ang populasyong Austronesyan sa buong kapuluan. Hindi rin nito maipaliwanag kung ano ang nangyari sa wika ng mga taong kanilang nadatnan nang sila ay dumating sa Pilipinas. Maaaring may mga Austronesyano nga na dumating sa Pilipinas ngunit hindi maipaliwanag kung paano mabilis na kumalat ang kanilang kultura sa buong kapuluan.

C. Teorya ng Ebolusyon

Ang uri ng kapaligiran ng mga sinaunang tao ay maaring makapagbigay ng kaalaman kung paano nagsimulang manirahan sa Pilipinas ang ating mga ninuno.

Sinasabing ang kapuluan ng Pilipinas ay dumaaan sa malawakang pagbabago noong panahong **Pleistocene**. Ito ang panahon ng pagtunaw ng




FIGURE 5. Map showing the land connections of the Philippine archipelago with Asia during the Pleistocene

Ang mapa ng Pilipinas noong Panahon ng Pleistocene na nagpapakita ng pagkakadugtong nito sa Asya.

mga yelo, bulkanismo, at pagbiyak ng mga lupa. Dahil dito, nagkaroon ng mga tubig at isla at naging arkipelago ang Pilipinas.

Bilang katibayan na ang Pilipinas ay karugtong ng Asya, nakadiskubre ng mga ebidensya na makikita sa mga labi ng tanim, hayop, at tao.

Maniniwala ka ba na may mga tanim tayo na kapareho sa New Guinea, Australia, Formosa at iba pang bahagi ng kontinenteng Asya? Ang mga tanim sa Mindanao, halimbawa, ay katulad ng mga tanim sa New Guinea at Australya. Ang mga tanim sa Sulu ay katulad ng sa Borneo.

Marami ring nadiskubrenang mga *skeleton* o buto ng hayop tulad ng elepante, riniceros at mga stegodon sa lalawigan ng Cagayan, Rizal, Batangas, Pangasinan, Pasig at mga lugar sa Mindanao. Ang mga hayop na ito ay karaniwang makikita sa kontinente ng Asya. Nangangahulugan na malaki ang posibilidad na ang Pilipinas noon ay bahagi nga ng kontinenteng Asya. Tinataya rin na may tao na sa Pilipinas mga 500,000 taon na ang nakararaan.

Pinakamahalaga sa mga nadiskubre ng mga antropolohiko ang bungo at ngipin ng tao sa Kuweba ng Palawan noong 1962. Tinatayang ang taong ito ay nabuhay may 25,000-30,000 taon na ang nakaraan. Ang labi na nakita



ay walang kasamahan di tulad ng paglalarawan sa teorya ng migrasyon na grupu-grupu ng mga tao ang nakarating dito sa Pilipinas. Samakatwid, maaring may sinaunang tao na sa Pilipinas bago pa man dumating ang mga Negrito, Indones, at Malay.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Nauunawaan mo ba ang mga pagkakaiba ng mga ipinaliwanag na teorya? Sikapin mong ibigay ang mga kalakasan at kahinaan ng mga ito:

Mga Teorya	Kalakasan	Kahinaan
1. Pandarayuhan		
2. Paglipat-lipat ng tirahan		
3. Ebolusyon		

Alin sa mga teoryang nabanggit ang iyong pinaniniwalaan? Bakit?



Tandaan Mo!

- Ang salitang Filipino ay unang itinawag sa mga Kastilang ipinanganak at nanirahan sa Filipinas noong panahon ng Kastila.

Si Jose Rizal ang unang nagbansag sa mga katutubo na Filipino batay sa kanyang tulang *A La Juventud Filipina* (Sa mga Kabataang Filipino).

- Ipinagpatuloy ng mga Amerikano sa kanilang pagdating ang paggamit ng salitang Filipino. Nangangahulugan itong mga mamamayan ng Pilipinas.
- May tatlong kilalang teorya kung saan nagmula ang Pilipino. Ang mga ito ay ang **Teorya ng Pandarayuhan**, ang **Teorya ng Paglipat-lipat ng Panirahan ng Asyano** at ang **Teorya ng Ebolusyon**.
- Ang **Teorya ng Pandarayuhan** ay nagsasabing may tatlong grupo ng tao na nakarating sa Pilipinas na siyang naging unang tao sa Pilipinas; ang mga Negritos, Indones at Malay. Sa pag-aaral ni O.H. Beyer, pito ang nandayuhan sa Pilipinas; mga Primitibong Tao, Australoid-Sakai, Indones A at B, ang mga taong gumagawa ng hagdang-hagdang palayan, mga Malay at ang mga modernong Asyano.
- Sa **Teorya ng Paglipat-lipat ng mga Asyano**, naniniwala si Peter Bellwood na nanggaling sa mga Austranesyano ang mga Pilipino at hindi sa Malayo-Polynesia.
- Sa **Teorya ng Ebolusyon**, napatunayan sa pamamagitan ng mga labi ng tao sa kuweba ng Tabon sa Palawan at ng elephas Philipinensis na may tao na sa Pilipinas bago pa man nakarating dito ang mga unang grupo ng mga nandayuhan.



Gawain 3: Paglalapat

Ngayong nabasa mo na ang aralin, naunawaan mo na ba ang pinagmulan ng lahing Pilipino?

Alin sa ating pinagmulan ang maaari mong ipagmalaki bilang isang Pilipino?

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

ARALIN 2

ANG SINAUNANG PILIPINO SA PANAHOON NG LUMANG BATO (50,000-500BK)



Matutunghayan natin sa araling ito ang uri ng pamumuhay ng ating mga ninuno noong 50,000 hanggang 500 bago ipananganak si Kristo (BK). Malalaman din natin ang uri ng mga kagamitan na ginamit nila upang sila ay mabuhay. Ang panahong ito ay tinawag na panahon ng lumang bato.



Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagpapaliwanag ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino noong panahon ng lumang bato;
2. Makapaglalarawan ng mga kagamitang binuo at ginamit ng ating mga ninuno upang mapayabong nila ang kulturang Pilipino; at
3. Makapagbibigay ng mga paraan upang mapagyaman at maipagmalaki natin ang kalinangang Pilipino.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Anong salita ang maaring mabuo sa mga sumusunod?

Isulat din ang maaari mong masabi sa mga natukoy mong salita.


1. niLaw _____
2. naTob _____
3. lognMngua _____
4. kubaew _____
5. iiakbb _____

6. ospa _____
7. atob _____
8. wnlPaaa _____
9. lzRia _____
10. Baatngsa _____

Panahon ng Bato at Paso

Alam mo ba na nagging malawakan ang paggawa ng kagamitang bato sa bansa noong 500,000 hanggang 10,000 taon bago ipinanganak si Kristo (BK). Ang sinaunang kagamitang bato na nalinang ng ating mga ninuno ay ang industriyang Liwanian sa Hilagang Luzon may 500,000 taon na ang nakalilipas. May tatlong uri ng kagamitang bato ang natagpuan noon sa Pilipinas:

1. Mga magagaspang na bato na ginagamit sa iba't ibang mga paraan: pambalat sa mga hayop, panghiwa ng karne
2. Mga pinatulis ngunit magagaspang na bato
3. Mga pinakinis at pinanipis na mga bato



Ang mga magagaspang na bato ay tinatayang ginamit ng ating mga ninuno mga 10,000 hanggang 8,000 BK. Ang mga batong ito ay nakita sa Liwan sa Lambak ng Cagayan, sa Kuweba ng Tabon sa Palawan, at sa Batangas at Bulacan. Ang bato sa Liwan ay tinagurian ng mga arkeologong si Robert Fox na industriyang Liwanian.

A. Mga Magagaspang na Bato

Ang mga pinatulis at magagaspang na kagamitang bato ay mas maliliit kaysa sa mga naunang kagamitang bato. Iba't ibang na rin ang naging hugis ng mga ito. Alam mo ba kung ano ang gamit ng mga batong ito? May mga matatalas at maninipis na bato na pambalat sa hayop. Ang iba naman ay hugis palakol na gamit sa pagtatanim. Ang iba pa ay hugis pakurba na ginamit sa pagkuha ng mga prutas at gulay.


B. Mga Makikinis na Bato

Ang mga makikinis na kagamitang bato ay ginamit noong 8,000 hanggang 500 taon BK. Ang ating mga ninuno ay madaling umakma sa kanilang kapaligiran. Napaghusay pa nila ang kanilang kagamitan upang magamit sa pang-araw-araw na gawain. Karamihan sa mga kagamitang bato ay natagpuan sa Bulacan, Batangas, Bataan, at Rizal.

Ang ating mga ninuno ay gumamit din ng mga pinatalas na kabibi bilang panghiwa. Ang mga ito ay natagpuan sa Palawan at sa Sulu. Tinatayang ito ay ginamit ang mga ito noong 1,750 hanggang 500 BK.

C. Ang Industriya ng Paso

Bukod sa mga kagamitang bato, may mga ebidensya rin na ang mga ninuno natin ay gumawa ng mga kagamitang paso noong mga 1,500 BK. Iba't iba ang hugis at disenyo ng mga paso. May mga pasong may dekorasyon. Mayroon ding walang



disensyo at pinakintab. May mga pasong maliliit na ginamit na panluto ngunit lalagyan ng tubig. May mga pasong lalagyan ng mga patay. Ang mga ninunong patay sa Ifugao sa Kabundukan ng Cordillera ay inilalagay sa mga malalaking banga at kung sila ay naging buto na, sila ay inililipat sa mas maliliit na banga. Gayundin, ang **Manunggul** ang tawag sa banga na ginamit sa bahaging Mindanao bilang libingan ng mga patay.

Ang banga ng Manunggul na pinaglalaman ng patay at ito ay inilalakbay sa karagatan.

Buhay sa Pamayanan

A. Pamilya at Populasyon

Marahil naisip mo kung paano namuhay ang ating mga ninuno,ano?Maliit lamang ang populasyon ng mga ninuno nating namuhay sa mga pamayanan. Sila ay karaniwang binubuo ng mga pamilya at karaniwang nakatira sa mga kuweba at di permanenteng tahanan. Ang mga labi` ng tao sa Kuweba ng Tabon sa Palawan ay isang halimbawa na nagpapakita ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino.

B. Pangangaso, Pangingisda at Pagpitas ng mga Prutas at Gulay


Ang ating mga ninuno ay nabuhay sa pamamagitan ng pangangaso at pagpitas ng gulay at mga prutas. Umiikot sila sa mga kabundukan upang mangaso at mamitas ng mga prutas at gulay. Sa mga ilog, sapa, lawa, karagatan at iba pang anyong tubig, sila ay nangingisda o nangangalap ng mga suso at kabibi.

C. Paggamit ng Apoy

Tinatayang gumamit na ng apoy ang ating mga ninuno noong mga 5,000 BK. Ang ebidensya ng paggamit ng apoy ay nadiskubre sa iba't ibang bahagi ng bansa batay sa mga labi`ng nahukay ng mga arkeologo. Ang mga labi`ng ito ay kinabibilangan nga mga maiitim na kabibi at mga katabing uling. Dahil dito, masasabing gumamit na ng apoy ang ating mga ninuno.

D. Pagtanim

May mga labi`ng nadiskubre sa bahaging Andarayan, Solana sa lalawigan ng Cagayan na nagpapatunay na ang mga sinaunang Pilipino ay bihasa nang magtanim ng palay simula pa noong 1,720 hangang 1,380 BK. Nadiskubre rin na nagtanim din ng kamote at gabi ang ating mga ninuno. May mga ebidensya rin na nagsimula na silang mag-alaga ng mga hayop tulad ng baboy at mga manok. Tinatayang ito ang simula ng pagtatayo nila ng mga malapermanenteng tahanan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Nasiyahan ka ba sa iyong natutuhan? Upang higit mo pang matandaan ang iyong pinag-aralan, gawin mo ang sumusunod. Bumuo ng timeline na nagpapakita ng sa mga kagamitang ginamit ng ating mga ninuno sa iba't ibang panahon:

Panahon	Mga Kagamitan



Tandaan Mo!

- Ang sinaunang kagamitang batong ginawa ng ating mga ninuno ay ang industriyang Liwanian sa Hilagang Luzon mga 500,000 taon na ang nakalilipas.
- May tatlong uri ng kagamitang bato ang natagpuan noon sa Pilipinas:
 1. Mga magagaspang na bato na ginagamit sa iba't ibang paraan; pambalat sa mga hayop, at panghiwa ng karne
 2. Mga pinatulis ngunit magagaspang na bato
 3. Mga pinakinis at pinanipis na mga bato
- May mga ebidensya din na ang mga ninuno natin ay gumawa ng mga kagamitang paso noong mga 1,500 BK.
- Maliit lamang ang populasyon ng mga ninunong namuhay sa mga pamayanan.
- Ang ating mga ninuno ay nabuhay din sa pamamagitan ng pangangaso at pagpitas ng gulay at mga prutas, at nang lumaon, sila ay nabuhay sa pagtatanim.



Gawain 3: Paglalapat

Palagay ko ay marami kang natutuhan tungkol sa ating sinaunang kalinangan. Ngayon ay maglista ka ng mga maaari mong gawin upang maipagmalaki mo ang kalinangang Pilipino.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

ARALIN 3

PAG-UNLAD NG MGA PAMAYANANG PILIPINO SA PANAHO NG METAL (500 BK-1AD)



Ang mga sumunod na taon sa ating kasaysayan sa pagitan ng 500BK (bago ipinanganak si Kristo) hanggang 1AD (sa panahon ni Kristo) ay nagdulot ng malaking pagbabago sa pamayanang Pilipino. Nagsimula nang silang gumamit ng mga kagamitang metal ang ating mga ninuno na nagpabilis sa mga pagbabago sa kanilang buhay.

Sa araling ito, makikita natin ang mga pagbabago sa buhay ng ating mga ninuno. Sa panahong tatalakayin, maaaninag mo ang kanilang pag-unlad sa pulitika, sa relihiyon, sa kabuhayan. Makikita mo na ang pag-unlad ng kanilang mga tradisyon, sining, wika, at antas ng lipunan.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang ikaw ay :

1. Makapaglalarawan ng pamumuhay ng mga Pilipino sa pagyabong ng pamayanan at kalakalan sa panahon ng metal;
2. Makapagsusuri ng mga gawain ng ating mga ninuno sa pagpapaunlad ng kanilang pamayanan; at
3. Makagagawa ng plano upang mapanatili ang ating mayabong na kultura.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Gumuhit ng larawan na nagpapakita ng gamit na metal. Pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong na ito:

1. Sa iyong palagay, ano ang katangian ng gamit na metal?

2. Matutukoy mo kaya ang kahalagahan ng metal sa pag-unlad ng isang pamayanan? Subukan mo.

Pagyabong ng Pamayanan at Kalakalan

Ang mga labi'ng nadiskubre ng mga arkeologo sa Batangas, Laguna, Mindoro, Iloilo, Masbate, Palawan, Cebu at Davao ay kinabitaan ng pagbabago ng mga pamayanan dahil sa pakikipagkalakalan ng ating mga ninuno. Ang mga dating di permanenteng panirahan ay naging permanente. Natayo ang mga panirahang ito sa mga tabing dagat at ilog (tinawag itong Ilud) o gilid ng mga bundok (tinawag itong Ilaya).

Uminog ang buhay sa mga pamayanan dahil sa pakikipagkalakalan. Nagkaroon ng palitan ng produkto ang mga taga-Ilaya at taga Ilud, Nakipagkalakalan din ang ating mga ninuno sa iba pang banyagang mangangalakal. Ang mga produkto sa mga kabundukan ay ipinagpalit sa mga produktong paso at iba pang gamit banyaga.

Paggamit ng Metal

Tanso, bakal at bronse ang mga metal na ginamit sa iba't ibang bahagi ng bansa noong panahong ito. Bagamat may mga gumagamit pa rin ng bato, unti-unti itong napalitan ng mga metal. Naging laganap ang teknolohiya ng paghinang ng metal kaya't marami sa gamit ng ating mga ninuno ay yari sa metal. Ang kanilang mga sibat, palakol, kutsilyo na may iba't ibang guhit, itak, mga lutuan at espada, ay yari sa metal.



Sinaunang produktong ginto

Paghahabi

Ang pagsusuot ng mga dahon at sanga ng mga puno ay napalitan ng mga tela nang natutong maghabi ang ating mga ninuno. Ang paghahabi ay naging laganap mula Luzon hanggang Mindanao. Ang teknolohiyang ito ay ginagamit hanggang sa kasalukuyan ng ating mga katutubo.

Industriya ng Paso

Sa simula ay hindi pa gaanong maayos ang mga pasong ginawa ng ating mga ninuno. Sa panahong ito, ang paggawa ng paso ay naging malawakang industriya. Ang mahuhusay na teknolohiya ng paggawa ng paso ay matatagpuan pa rin sa Tabon sa Palawan, Kalanay sa Masbate, Novaliches, at Maitum sa lalawigan ng Saranggani. Ang paso ay naging bahagi ng ritwal sa patay at sa mga handaan ng ating mga ninuno.

Paggamit ng mga Hikaw, Pulseras, Kwintas at Iba Pa

Naging kaugalian ng ating mga ninuno ang paggamit ng mga hikaw, pulseras, kwintas at beads, na yari sa ginto, buto, at mga kabibi. Tinatayang ang paggamit nito ay hindi lamang bilang palamuti sa katawan. May mga naniniwala na ang

paggamit ng mga metal o buto bilang palamuti sa katawan ay panlaban din sa masamang espiritu. Ang kuwintas at pulseras ay pinaniniwalaang pampigil sa kaluluwa ng isang tao upang hindi siya iwanan nito at hindi masingitan ng mga masamang espiritu ang katabi niyang kaluluwa.

Buhay Pulitika

May mga ebidensya na sa panahong ito ay nagsimula nang magkaroon ng mga lider o pinuno sa mga pamayanan. Ito ay nakita sa mga ebidensya sa mga libingan. May mga patay na mas maraming pabaon at may mga patay na kaunti lamang. Isa pang ebidensya ay ang pag-oorganisa ng mga pamayanan. May mga pamayanan na hiwalay sa iba pang pamayanan. Ang mga ebidensyang ito ay nagpapakita na may mga namumuno na sa mga pamayanan ngunit hindi pa masyadong maliwanag ang mga papel na ginagampanan ng mga pinuno.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Mas mapalalalim mo ang iyong kaalaman kung ikaw ay magsasaliksik. Gumupit o gumuhit ng mga larawan na nagpapakita ng uri ng pamumuhay ng ating mga ninuno sa panahong metal. Ipaliwanag ang iyong ginawa.



Tandaan Mo!

- Ang mga dating di-permanenteng panirahan ay naging permanente na sa mga tabing dagat at ilog (tinawag itong Ilud) o gilid ng mga bundok (tinawag itong Ilaya).
- Nagkaroon ng palitan ng mga produkto ang mga taga-Ilaya at taga-sa-ilud gayundin sa iba pang banyagang mangangalakal.
- Tanso, bakal at bronse ang mga metal na naging laganap na ginamit sa iba't ibang bahagi ng bansa noong panahong ito.
- Ang paghahabi ay naging laganap mula Luzon hanggang Mindanao kung saan ang teknolohiyang ito ay makikita pa rin hanggang sa kasalukuyan sa ating mga katutubo.
- Ang mahuhusay na teknolohiya ng paggawa ng paso ay matatagpuan sa Tabon sa Palawan, Kalanay sa Masbate, Novaliches, at Maitum sa lalawigan ng Sarangani.
- Ang mga hikaw, pulseras, kwintas at beads, na yari sa ginto, buto, mga kabibi ay laganap na ginamit ng ating mga ninuno.
- Nagsimula nang magkaroon ng mga lider sa mga pamayanan noong panahon ng metal.



Gawain 3: Paglalapat

Natuwa ka ba sa mga natutuhan mo tungkol sa pamumuhay ng ating mga pinuno noong panahon ng metal? Bumuo ng plano na magpapakita ng mga tiyak na hakbang upang mapanatili natin ang kulturang Pilipino. Ipaliwanag sa isang talata ang iyong plano.



MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:

Marami tayong tinalakay sa modyul na ito. Ang mga sumusunod ay dapat mong tandaan:

- ⊕ Ang salitang Filipino ay unang itinawag sa mga Kastilang ipinanganak at nanirahan sa Filipinas noong panahon ng Kastila. Si Jose Rizal ang unang nagbansag sa mga katutubo na Filipino batay sa kanyang tulang *A La Juventud Filipina* (Sa mga Kabataang Filipino).
- ⊕ Ipinagpatuloy ng mga Amerikano ang paggamit ng salitang Filipino na nangangahulugang mga mamamayan ng Pilipinas.
- ⊕ May tatlong kilalang teorya kung saan nagmula ang lahing Pilipino. Ang mga ito ay ang **Teorya ng Pandarayuhan**, ang **Teorya ng Paglipat-lipat ng Panirahan ng Asyano** at ang **Teorya ng Ebolusyon**.
- ⊕ May mga ebidensya na ang mga ninuno natin ay gumawa ng mga kagamitang paso noong mga 1,500 BK. Ang mahuhusay na teknolohiya ng paggawa ng paso ay matatagpuan sa Tabon sa Palawan, Kalanay sa Masbate, Novaliches, at Maitum sa lalawigan ng Saranggani.
- ⊕ Maliit lamang ang populasyon ng mga ninuno nating namuhay sa mga pamayanan. Ang mga dating di-permanenteng panirahan ay naging permanente na sa mga tabing dagat at ilog (tinawag itong Ilud) o gilid ng mga bundok (tinawag itong Ilaya).
- ⊕ Ang ating mga ninuno ay nabuhay sa pamamagitan ng pangangaso at pagpitas ng gulay at mga prutas, at nang lumaon ay sa pagtatanim.
- ⊕ Nagkaroon ng palitan ng mga produkto ang mga taga-Ilaya at taga-sa-ilud gayundin sa iba pang banyagang mangangalakal.
- ⊕ Tanso, bakal at bronse ang mga metal na ginamit sa iba't ibang bahagi ng bansa noong panahon ng metal.
- ⊕ Ang paghahabi ay naging laganap mula Luzon hanggang Mindanao. Kung saan ang teknolohiyang ito ay ginagamit pa rin hanggang sa kasalukuyan ng ating mga katutubo.



PANGHULING PAGSUSULIT:

I. Isulat ang T kung tama at M kung Mali ang mga sumusunod na pangungusap:

- _____ 1. Lisa lamang ang teorya hinggil sa pinagmulan ng lahing Pilipino.
- _____ 2. May mga alam nang teknolohiya ang mga sinaunang Pilipino.
- _____ 3. Ang nagpayabong sa kalinangang Pilipino ay ang pagdiskubre ng kabibi.
- _____ 4. Ang panahon ng lumang bato ay panahon din ng pagkatuklas ng apoy.
- _____ 5. Ang mga pamayanan ay mayabong na noong panahon ng lumang bato.
- _____ 6. Ang salitang Filipino ay isang modernong salita.
- _____ 7. Malalim ang pinagmulan ng kalinangang Pilipino.
- _____ 8. Maaaring nanggaling ang sinaunang Pilipino sa Austronesyano.
- _____ 9. Mas laganap ang metal kaysa paso noong panahon ng bagong bato.
- _____ 10. Ang pamilya ang pangunahing yunit ng lipunan ng sinaunang Pilipino.

II. Isulat ang titik ng hindi kasali sa grupo. Isulat ang katwiran kung bakit ito ay hindi kasali sa grupo.

- _____ 1. A. hikaw B. pulseras C. kabibi D. kwintas
- _____ 2. A. Palawan B. Masbate C. Batangas D. Novaliches
- _____ 3. A. paghabi B. paggawa ng paso C. pangangaso
D. paggawa ng metal
- _____ 4. A. Austronesyano B. Indones C. Malay D. Negritos
- _____ 5. A. *elephas Philipinensis* B. Taong Tabon
C. kuweba ng Tabon D. metal

- _____6. A. mga palakol
 B. mga magagaspang na bato
 C. mga pinatulis ngunit magagaspang na bato
 D. mga pinakinis at pinaninipis na mga bato
- _____7. A. permanenteng tahanan
 B. pakikipagkalakalan
 C. pangangaso
 D. pagtatanim
- _____8. A. teorya ng pandarayuhan
 B. teorya ng paglipat-lipat ng panirahan
 C. teorya ng ebolusyon
 D. teoryang "*Divine Right*"
- _____9. A. itak
 B. kutsilyo
 C. pamukpok na bato
 D. sibat
- _____10. A. Austronesyano
 B. Mga Primitibong Tao
 C. Australoid-Sakai
 D. Indones A at B



GABAY SA PAGWAWASTO:

PANIMULANG PAGSUSULIT

- | | |
|------|-------|
| 1. c | 9. a |
| 2. d | 10. a |
| 3. b | 11. d |
| 4. b | 12. b |
| 5. a | 13. a |
| 6. b | 14. c |
| 7. b | 15. a |
| 8. a | |

ARALIN 1 ANG GAWAIN AY MAARING TINGNAN SA TEKSTO NG MODYUL

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

1. Iba't ibang ang bahaging nakaguhit.
2. Sa ating lahi, iba't iba ang anyo ng ating mga ninuno, kayat iba't iba rin ang ating mga kaanyuan.
3. Mga halimbawa ng iba't ibang paglalarawan sa pisikal na anyo ng mga Pilipino:
 - a. May kayumanggi, may maputi.
 - b. Mya kulot ang buhok, may unat ang buhok.
 - c. May singkit ang mata at pango ang ilong.
 - d. May mataas at mayroon din naming maliliit.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Mga Teorya	Kalakasan	Kahinaan
1. Pandarayuhan	Natukoy ang mga impluwensyang Malay, Indones at Primitibong Tao sa ating kultura.	Hindi maipaliwanag ang ruta ng mga dayuhan. Hindi maipaliwanag kung ano ang eksaktong pagkakasunod-sunod ng pagdating dito ng

		mga dayuhan.
2. Paglipat-lipat ng tirahan	Naipakita ang pagdating ng mga dayuhan galling sa Timon Tsina kayat naipaliwanag kung bakit may mga ninuno tayong Instik.	Hindi maipaliwanag kung paano mabilis na kumalat ang kulturang Austronesyano.
3. Ebolusyon	Naipaliwanag na karugtong ng Asya ang Pilipinas kayat nakatawid dito ang iba't ibang ninuno natin.	Naipaliwanag na may tao na sa Pilipinas bago pa dumating ang mga mandarayuhan ngunit hindi maipaliwanag kung ano ang kultura ng sinaunang tao sa Pilipinas bago pa dumating ang mga dayuhan.

Gawain 3: Palalapat

1. May mga nakatira na sa Pilipinas bago pa man nagsidating ang mga iba't ibang lahi.
2. Ang mga Pilipino ay kaisang-lahi ng mga Asyano kayat pareho ang ating mga kultura.
3. Iba't ibang lahi ang ating pinagmulan kayat mayaman ang ating kultura at wika.
4. Umunlad at nalinang ang ating mga wikain sa pagdaan ng mga panahon at dapat nating ipagmalaki ito.
5. Umunlad at yumaman ang kultura at mga kagamitan ng mga sinaunang Pilipino sapagkat marunong silang iangkop sa kanilang kultura ang kultura ng mga dayuhan.

ARALIN 2 ANG SINAUNANG PILIPINO SA PANAHO NG METAL

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

1. Liwan
2. Tabon
3. Manunggol
4. Kuweba
5. Kabibi
6. Paso
7. Bato
8. Palawan
9. Rizal
10. Batangas

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Panahon	Mga Kagamitan
50,000 hanggang 10,000 BK	Panahon ng bato at paso
10,000 hanggang 5,000 BK	Paggamit ng apoy
8,000 hanggang 500 BK	Makikinis na kagamitang bato
1,750 hanggang 1,380 Bk	Pagtatanim at pag-aalaga ng hayop
1,750 hanggang 500 BK	Paggamit ng pinatalas na kabibi bilang panghiwa

Gawain 3: Paglalapat

Mga halimbawa ng kasagutan:

1. Tangkilikin ang mga habing katutubo.
2. Ipagmalaki ang mga katutubong kwintas at hikaw at iba pang palamuti sa katawan.
3. Pansinin at ipagmalaki sa ibang rehiyon ang mga katutubong kagamitan at kultura ng ating rehiyon
4. Magbasa at magsaliksik pa tungkol sa katutubong kultura.
5. Ipagmalaki ang iba't ibang pangkat etniko sa bansa.

ARALIN 3 PAG-UNLAD NG MGA PAMAYANANG PILIPINO SA PANAHOONG METAL

Gawain 1: Pag-isipan Mo!

1. Ang metal ay pangmatagalan ay pangmatagalan ang gamit. Gamitin din ito sa pagpaparami ng produksyon.
2. Nakikita sa antas ng teknolohiya ng metal ang bilis at lawak ng pag-unlad. Mas mayaman ang isang bansa kung mayaman ito sa kagamitang metal. Mas maraming produktong magagamit sa pagbebenta ng kalakal.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Isangguni at ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong ginawang larawan ng panahong metal.

Gawain 3: Pagpapalapat

Halimbawa ang isang plano upang mapanatili ang kulturang Pilipino:

Kinakailangang magkaroon ng patakaran ang pamahalaan sa paglusong ng kulturang Pilipino. Dapat palaganapin ang mga katutubong awitin, sayaw, mga kasuotan, at palamuti sa katawan. Sa mga paaralan, kailangang ipagdiwang ang kulturang Pilipino. Sa mga barangay at munisipyo, maganda ring magdaos ng mga palatuntunan na magpapamalas ng pagmamalaki sa ating sariling kultura.

Pangwakas na Pagsusulit:

I. Tama o Mali

- | | |
|------|-------|
| 1. M | 6. T |
| 2. T | 7. T |
| 3. M | 8. T |
| 4. M | 9. T |
| 5. M | 10. T |

II. Alin ang hindi kasali sa grupo?

1. C- Ang A, B, at D ay mga yari sa metal
2. C- Ang A, B, at D ay mga lalawigang laganap ang paso
3. C- Ang A, B, at D ay pawang sa mga panahon ng metal
4. A- Ang B, C, at D ay mga nandayuhan sa Pilipinas ayon sa teorya ng migrasyon
5. D- Ang A, B, at C ay pawang mga ebidensya ng sinaunang tao sa Pilipinas
6. A- Ang B, C, at D ay mga kagamitan sa panahon ng lumang bato
7. C- Ang A, B, at D ay pawang sa panahon ng metal
8. D- Ang A, B, at C lamang ang bumubuo sa teorya ng sinaunang tao sa Pilipinas
9. C- Ang A, B, at C lamang ang kasama sa panahon ng metal
10. A- Ang A, B, at D ay hindi kasama sa Bellwood theory